**BULLYING: NARARAPAT NA BIGYANG PANSIN**

*by:*
**MARIFI B. FRANCISCO**
*Teacher III Bangkal Resetllement Elementary School, SDO Abucay Annex*

Ayon sa ulat ng Kagawaran ng Edukasyon, tumaas ang kaso ng bullying sa mga paaralan dahil sa mas maayos na sistema ng pagre-report nito. Ito ay naibalita social media. Kasabay ng mas maayos na sistema sa pagtatala ng mga kaso ng bullying, nararapat itong bigyang-pansin sapagkat ito ay seryosong usapin.

Tayo man ay nakaranas din ng pambubully noong tayo ay bata pa, hindi ba? Subalit habang tumatagal ang panahon at umuunlad ang siyensya at teknolohiya ay lalong lumulubha ang ganitong sitwasyon. Kung noon ay simpleng pambubuska lamang, ngayon ay nakararanas ng pananakit na pisikal maging emosyonal. Napapanood pa naman natin sa telebisyon ang katunayan gamit ang social media.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Saan ba talaga nagkukulang? Nagkukulang ba ang mga magulang sa pamamatnubay sa kanilang mga anak? Hinahayaan na lamang ba ng mga magulang na gawin ng mga bata ang kanilang kagustuhan? Marahil ay hindi naman sapagkat buhay pa sa pamilyang Pilipino ang paggabay sa kanilang mga anak at naroon pa rin ang palagiang pangaral sa kabila ng pagiging abala sa kanilang hanapbuhay.

Ang mga paaralan naman ay nagpapatupad ng mga alituntunin upang maiwasan ang bullying. Bukod pa sa mga araling nagtuturo ng magagandang asal. Maging ang mga guro ay hindi nagkukulang sa mga paalala upang maiwasan ang bullying.

May mga batas na ipinatutupad ang kagawaran kaugnay ng bullying. Kung ganoon, saan nga ba nagkukulang? O may mga lumalabis ba na nakagaganyak sa mga mag-aaral upang gumawa ng pambubully? Ang kapaligiran ba ay nagmumungkahi ng

mga bagay upang makapanakit ng kapwa? Ang telebisyon ba, social media o mga taong nakakasalamuha na may malaking impluwensya sa mga kabataan?

Sa mga magulang, patuloy nating subaybayan ang ating mga anak at bigyan ng mga positibong pangaral upang matuldukan ito. Sa mga guro, mas makabubuting sa umpisa pa lamang ay bigyan na ng aksyon ang mga batang gumagawa nito sa pamamagitan ng maayos na pamamaraan. Makipag-ugnayang mabuti sa mga magulang at huwag balewalain ang bullying na tunay nga namang malaking problema kung hindi pagtutuunan ng pansin.

*References:*

Barcelonia W. (2023) School bullying incidents surge due to better reporting system | Philippine News Agency (pna.gov.ph), retrieved from https://www.pna.gov.ph/articles/1195055

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan